Fujimino International Culture Exchange Center
http://www.alpha-net.ne.jp/users2/ficec/

◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆ タガログ語 ◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆

Lindol,



Anong dapat gawin？

Ang lindol ay madalas mangyari sa Japan. Ito'y nakakatakot at nakababahalang pangyayari. Subalit, kung alam ang gagawin, maraming bagay ang maiiwasang mapinsala at masira. Maging handa sa mga sakunang tulad nito para ikaw at ang iyong pamilya ay makaiwas at maging ligtas.

★Maging alerto ➡ Pag lumindol, magtago sa ilalim ng mesa

1. Kapag naramdamang lumilindol, magtago sa ilalim ng mesa.
2. Kung hindi posible, takpan ang ulo ng unan o cushion.

★Humanap ng labasan. ➡ Kapag lumilindol, buksan ang bintana o pintuan para makasiguro ng labasan.

★Huwag lumabas kaagad. ➡ Manatiling mahinahon at humanap ng ligtas na lugar.

Ang malakas na lindol ay hindi tumatagal ng isang minuto. Huwag magmadaling lumabas hangga't hindi tumutigil ang lindol at baka mabagsakan ng mga kagamitan.

★Iwasan ang sunog! ➡ Siguraduhing hindi delikado, bago patayin ang maaaring pagmulan ng apoy.

1. Ugaliing patayin ang mga gas appliance at gas stoves matapos gamitin.
2. Patayin ang gas sa main switch at alisin sa saksakan ang mga electric appliances.
3. Patayin ang circuit breaker bago lisanin ang lugar. (Siguraduhing walang nakasaksak na dekuryenteng kagamitan para maiwasan ang sunog.)

★Kapag nagkasunog… ➡ Siguraduhin ang kaligtasan, bago subukang patayin ang apoy.

1. Kapag nagkasunog, patayin ang apoy ng isang timbang tubig o kaya ng fire extinguisher.
   (Maghanda ng fire extinguisher at timba sa bahay.)
2. Sumigaw ng sunog at humingi ng tulong sa mga kapitbahay. Subuking ampatin ang apoy habang maliit pa ito.

★Kapag nasa labas… ➡ Huwag maglakad sa daan na malapit sa sementong dingding, talampas o tabing-ilog.

1. Kapag naglalakad sa masikip na daanan, mag-ingat sa bumabagsak na mga bagay gaya ng roofing tile o semento.
2. Mag-ingat sa gumuguhong lupa sa talampas o sa tabing-ilog.

★Kapag lumipat ng silungan… ➡ Umalis na dala ang kinakailangan lamang.

Maghanda ng emergency supplies. (Ipinapakita sa litrato ang mga emergency supplies)

◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆

Fujimino International Culture Exchange Center
http://www.alpha-net.ne.jp/users2/ficec/

◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆INFORMATION◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆

Mga kailangang ihanda…

Maghanda ng mga gamit na kailangan sa pansamantalang pagtira sa lugar kasama ang first aid kit at iba pang gamot para sa mga pinsala.

libreta ng bangko, flash light, kandila, gloves, kutsilyo, tubig, radyo, batteries, batteries, cash, lighter, can opener, gatas ng sanggol,bote, diapers o lampin, pagkain, first-aid kit, damit, blanket, helmet o headgear

(Ipinamimigay ang librong “*Jishin ni jishin*” (kaalaman sa lindol) sa pamamahala ng Earthquake disaster preparedness office ng Fire at Disaster Management Agency, Ministry of Public Management Home Affairs, Posts and Communications. Kung interesado, tumawag sa 049-275-0370)

★★★

●Para sa pagkakaibigan at pagkakaunawaan

Wai-Wai club kailangan ng volunteers

Ang mga bata mula sa iba’t ibang bansa ay magpapalabas ng dula sa Wai-Wai club. Maraming aktibidades, mga palabas na magpapakita ng iba-ibang kultura para sa higit na pagkakaunawaan ng bawat isa. Dahil dito, kami ay naghahanap ng mga volunteers, lalo na ng mga banyagang residente. Para sa mga interesado sa club, halina at sumali!

☎ ０４９－２７５－０３７０

●iskedyul ng mga aktibidades ng Wai-wai club●	
6/12	Gusto mo ng totoong Gyouza?
7/10	Classical fire engine at world firefighter (Magensayo maging firefighter)
8/ 6,7,8	Yoo-hoo Bandai! (Camping at Mt. Bandai)
9/11	Pumunta tayo sa Hidaka(An excursion)
10/9	Autumn Sports day (World sports Meets) Sumali tayo sa Palaro!
11/13	Paghahanda sa Bazaar (Para sa ika- 7 na bazaar)
12/11	Internasyonal na Bazaar (world bazaar)

★★★

Ibahagi ang inyong problema sa amin.

Kung ikaw ay may problema at wala kang mapagsabihan, ito’y gumugulo sa iyong isipan, ang Foreign residents advisory center (FICEC) ay nandito para sa iyo. Buwan-buwan, maraming banyagang residente ang pumupunta at nagsasabi ng kanilang mga alalahanin. Ito ay libre at walang bayad.

Tumawag ０４９— ２５３—７７４４

Aplikante sa pagsasanay para maging home helper, inaanyayahan.

Ang Fujimino International Cultural Exchange Center ay magbubukas ng training class para sa home-helper. Kung ikaw ay may lisensya, madaling makakita ng trabaho. Kailangang mag-aral mabuti para makakuha ng lisensya at ang pamunuan namin ay handing tumulong. Para sa mga interesado, tumawag sa aming tanggapan. **Tel. 049-275-0370**

◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆◆